**TOTOO BANG MAS NAKAHIHIGIT ANG MAS MALAKI?**

A Lord's Flock General Assembly Topic

By: Sor Techie Rodriquez, Elder, TLF

Agosto 1, 2020

Maraming tao ang umaayon sa kasabihang mas nakahihigit ang mas malaki. Mas pinipili natin ang pinakamalaki, ang pinaka-marangya sa mga pagpipilian kaysa sa maliit, na parang walang kabuluhan. Gayunman, lagi nating isa-isip na ginagamit ng Diyos nang buong lakas ang mga maliliit na bagay.

**1.Inihambing ni Jesus ang kaharian ng Diyos sa butil ng mustasa.**

"Tulad ito ng butil ng mustasa na siyang pinakamaliit sa lahat ng binhi. Kapag natanim na at lumago, ito'y nagiging pinakamalaki sa lahat ng puno ng gulay; nagkakasanga ito nang malalabay, anupat ang mga ibon ay nakapamumugad sa mga sanga nito" (Mk. 4:31-32).

1.1.Lumalaki ang ugat nang tatlong beses na mas mabilis kaysa sa tangkay.

- Ang pananampalataya natin ay dapat malalim na naka-ugat.
- "Tayo'y may pananalig kung nagtitiwala tayong mangyayari ang mga inaasahan natin, at naniniwala sa mga bagay na di natin nakikita" (Heb. 11:1).

**1.2.Nagiging pinakamalaking gulay ang maliit na butil ng mustasa, kung naitanim sa lupa.**

- Nagsimula sina Jesus at ang kanyang mga alagad na sila-sila lang; mahirap, walang pinag-aralan, hindi kilala, at hamak.
- Magsikap tayong mapalago ang ating pananalig; ang pananampalataya ay bunga ng pakikinig (Rom 10:17).

**1.3. Nagiging pinakadakila sa lahat ng mga gulay ang butil ng mustasa.**

- Magagawa ng Diyos na makabuluhang puno ang hindi gaanong makabuluhang puno.
- Hindi nakasalalay ang tagumpay sa sukat.
- May 3,000 tauhan si Gideon, ngunit pumili lamang ng 300 ang Diyos para talunin ang kalaban (Hukom 7:7).

**1.4. Nagkakaroon ng malalaking sanga ang puno mustasa.**

- Lahat ng taga-sunod ni Kristo ay kasapi sa Kaharian. Tuwing ikinukuwento natin ang kabutihan ni Jesus, tumutulong tayo sa pagpapalago ng Kanyang Kaharian.

**1.5. May mga sanga ang puno ng mustasa para makagawa ng pugad ang mga ibon.**

- Inasahan ng mga Hudyo na darating ang Mesiyas na parang kidlat, na tatalo sa mga Romano na may malawak na hukbo, na pagkaisahin ang mga Hudyo at magtatag ng dakilang kaharian. Ngunit pumasok Siya sa Jerusalem sakay ng bisirong asno.
- Baka naging malaking kabiguan si Jesus sa Kanyang panahon, ngunit tinubos Niya ang sangkatauhan.

**2. Naghahari ang Diyos sa puso ng mga tumatalima sa Kanya.**

2.1. Gusto ng Diyos na tayo ang unang gagawa ng hakbang sa pananampalataya at ituturo Niya ang ating daraanan (Awit 32:8).

2.2. Kaya nating palayasin ang ating mga bundok at mga suliranin ng ating buhay (Mt. 17:20).

2.3. Magagawa natin lahat dahil sa lakas na kaloob ni Kristo (Phil 4:13).

2.4. Huwag tayong mag-alala dahil mapararami ng Diyos ang kaunting mayroon tayo.

Hindi kinakailangang nakahihigit ang mas malaki sa maliit, dahil inihahayag ng Diyos ang Kanyang kadakilaan sa maliliit na mga bagay.

**Pagninilay:** Takot ka bang makipagsapalaran para makilala ang Diyos? May nasayang ka bang pagkakataon dahil nagkulang ka ng pananalig?

Hindi kailangang madagdagan ang ating pananalig. Makinig lang tayo kay Jesus at humakbang nang may pananamplataya. Magagawa nating posible ang imposible kung may pananalig tayong kasing laki ng butil ng mustasa .

**Isinalin ni:** Sis. Nida Cruz
**Na-edit ni: Sis Vera I. Tuplano**
**Naaprobahan ni: Sis Vera I. Tuplano**